JULY 2008 EDITION

KODIGO
SA PAGSASAHIMPAPAWID NG
RADYO

TAGALOG VERSION

RADIO CODE OF BROADCASTING PRACTICE

BSA
BROADCASTING STANDARDS AUTHORITY
TE MANA WHANONGA KAIPĀHO

PANIMULA

Inaatasan ng Batas Pagsasahimpapawid ng 1989 na nag-uutos na ang bawat tagapagbalita ay magkaroon ng pananagutan sa kanilang mga palatuntunan at pagtatanghal, sa pagpapairal ng mga pamantayang naaayon sa mga sumusunod:

a) **Ang pagtalima ng mabuting panuri at kagandahang-asal**
b) **Ang pagpapairal ng batas at kaayusan**
c) **Ang pagiging pribado ng bawat indibidwal**
d) **Ang prinsipyong kapag ang usapin ay kontrobersiyal at may pampublikong kahalagahan, makatuwirang sikapin at magkaloob ng mga makatuwirang pagkakataon upang maglahad ng mga makakabuluhang pananaw, maging sa kaparehong palatuntunan o sa iba pa mang mga palatuntunan sa loob ng panahong kasalukuyang tinutukoy**
e) **Alinmang pinagtibay na Kodigo ng Pagsasahimpapawid na ginagamit sa mga palatuntunan.**

Ang Awtoridad ng Pamantayang Pagsasahimpapawid ay maykapanagutang pangasiwaan ang rehimen ng pamantayan, pagpasiyahan ang mga pormal na hinaing, at himukin ang mga tagapagbalita na lumikha at tumalima sa mga wastong Kodigo Para sa Pagsasahimpapawid.

Ang Kodigo ng Pagsasahimpapawid na pinagtibay ng Awtoridad ng Pamantayang Pagsasahimpapawid, ay ihinanda ng Kapisanan ng mga Tagapagbalita sa Radyo (sa ngalan ng mga tagapagbalitang kumersyal) at ng Radyo New Zealand. Ang Kodigong ito ay naglalayon na tiyakin ang pagtalima sa batas, ang pag-iwas sa mga nakaliligaw at mapanlinlang na gawain, at ang pananagutan sa bayan.

Sa ilalim ng Seksyon 14 ng Batas New Zealand ng 1990 para sa Katipunan ng mga Karapatan, mayroong karapatan sa malayang pagpapahayag. Tuwing gagawa ng pasiya ang Awtoridad ukol sa mga hinaing, isasaalang-alang nito ang Katipunan ng mga Karapatan ng New Zealand.

Pagrerekord ng Audio

Kinikilala ng mga tagapagbalita sa radyo ang kanilang pananagutang ingatan, sa loob ng 35 na araw matapos ang petsa ng pagsasahimpapawid, ang audio ng lahat ng bukas-linya at tugunang palatuntunan, at pag-uulat ng mga balita at napapanahong kaganapan.

Tungkol sa Kodigong Ito

Ang mga atas ng Kodigo ay itinakda sa bawat pamantayan. Ang bawat pamantayan ay mayroong ilang mga kaugnay na patnubay. Ang mga patnubay na ito ay hindi nagpapataw ng kanilang sariling mga atas. Bagkus sila ay isinama upang magbigay ng tulong pakahulugan sa mga tagapagbalita at sa taong-bayan, at upang kilalanin ang mga salik na dapat isaalang-alang ng tagapagbalita sa pagsusuri kung ang isang palatuntunan ay sumusunod sa isang tiyak na pamantayan. Kapag ang isang palatuntunan ay hindi umaayon sa isang patnubay, maaaring hindi nangangahulugan na ito ay lumalabag. Depende na lamang sa pangkabuuang pagtupad ng palatuntunang ito sa nauukol na pamantayan.

BINAGO UPANG MAGKABISA MULA IKA-1 NG HULYO 2008.

MGA BATAYAN PARA SA PORMAL NA HINAING

Ipinaparatang ng mga pormal na hinaing na nagkulang ang tagapagbalita sa kanyang kapanagutang itaguyod ang isa o higit pa sa mga sumusunod na pamantayang pagsasahimpapawid na nakatakda sa Pamantayan 1 hanggang 9 sa ibaba.

PAMANTAYAN 1 – Mabuting Panuri at Kagandahang-Asal

PAMANTAYAN 2 – Batas at Kaayusan

PAMANTAYAN 3 – Pananarili

PAMANTAYAN 4 – Mga Usaping Kontrobersiyal – Mga Pananaw

PAMANTAYAN 5 – Kawastuhan

PAMANTAYAN 6 – Pagiging Patas

PAMANTAYAN 7 – Pagtatangi at Paninira ng Puri

PAMANTAYAN 8 – Maykapanagutang Pamamahayag

PAMANTAYAN 9 – Alak

Paano Maghain ng Pormal na Hinaing

Ang mga pormal na hinaing ay nararapat na:

- nakasulat; at
- naidulog sa nauukol na tagapagbalita sa loob ng 20 na araw ng trabaho mula nang pagsasahimpapawid.

Ang kaisa-isang kataliwasan ay ang pagpapaparatang ng paglabag sa pananarili (Pamantayan 3), na maaaring tuwirang ihain sa Awtoridad ng Pamantayang Pagsasahimpapawid nang walang paunang pagsangguni sa nauukol na tagapagbalita.

Dapat tukuyin ng mga pormal na hinaing ang mga sumusunod:

- ang pangalan ng palatuntunan
- ang petsa at tinatantiyang oras ng pagsasahimpapawid
- ang pamantayan o mga pamantayan na diumano ay nilabag at ang mga dahilan ng sinasabing paglabag.

Inaatasan rin ang mga tagapagbalita sa radyo na umayon sa Kodigo ng Palatuntunan na sumasaklaw sa mga Palatuntunang Panghalalan tulad ng Pambungad at Pangwakas na Pananalita at Patalastas. Matatagpuan sa website ng Awtoridad ng Pamantayang Pagsasahimpapawid ang kopya ng Kodigong ito.

Hindi sumasaklaw ang Awtoridad ng Pamantayang Pagsasahimpapawid sa mga patalastas, maliban sa pagtataguyod ng mga palatuntunan at pagsasahimpapawid ng mga patalastas na pampulitika. Ang mga hinaing ukol sa mga patalastas ay dapat ihain sa Lupon para sa mga Hinaing Ukol sa Pamantayang Pampalatastas (tingnan ang Contacts).

Matatagpuan sa Awtoridad ng Pamantayang Pagsasahimpapawid at sa website nito ang mga kopya ng lahat ng mga Kodigong ukol sa pagsasahimpapawid.

KODIGO SA PAGSASAHIMPAPAWID NG RADYO

ANG MGA PAMANTAYAN

Ang mga sumusunod na pamantayan ay sumasakop sa lahat ng mga palatuntunang isinasahimpapawid sa radyo sa New Zealand.

PAMANTAYAN 1 – Mabuting Panuri at Kagandahang-Asal

Dapat tumalima sa mga pamantayan ng mabuting panuri at kagandahang-asal ang mga tagapagbalita.

Patnubay

1a Isasaalang-alang ng mga tagapagbalita ang mga napapanahong pamantayan ng mabuting panuri at kagandahang-asal habang isinasaisip ang kahulugan ng anumang salitang nasambit o kilos na inasal, at ang mas malawak na kahulugan ng pagsasahimpapawid, halimbawa ang oras sa isang araw o ang pinatatamaang tagapakinig.

PAMANTAYAN 2 – Batas at Kaayusan

Dapat tumalima ang mga tagapagbalita sa mga pamantayang naaayon sa pagpapairal ng batas at kaayusan.

Patnubay

2a Kailangan ng ibayong pag-iingat sa pagsasahimpapawid ng mga bagay na nagpapaliwanag ng pamamaraan ng krimen sa paraang nakaaanyaya sa madlang tularan ito.

PAMANTAYAN 3 – Pananarili

Dapat magtaguyod ang mga tagapagbalita ng mga pamantayang naaayon sa pananarili ng indibidwal.

Patnubay

3a Sa pagpapasiya sa mga hinaing ukol sa pananarili, dapat gamitin ng mga tagapagbalita ang mga panuntunang ukol sa pananarili na binuo ng Awtoridad ng Pamantayang Pagsasahimpapawid (tingnan ang Dagdag).

PAMANTAYAN 4 – Mga Usaping Kontrobersiyal – Mga Pananaw

Sa pagtatalakay ng mga usaping maaaring kontrobersiyal at may kahalagahang pampubliko sa mga palatuntunang may kinalaman sa balita, napapanahong kaganapan o yaong may batayan sa katotohanan, makatuwirang sisikapin ng mga tagapagbalita at magkakaloob sila ng mga makatuwirang pagkakataon, na maglahad ng mga makabuluhang pananaw, maging sa kaparehong palatuntunan o sa iba pa mang mga palatuntunan sa loob ng panahong kasalukuyang tinutukoy.

Patnubay

4a Ang pagsusuri sa kung nakapaglahad ba ng isang makatuwirang hanay ng mga pananaw ay nagsasaalang-alang ng ilan o lahat sa mga sumusunod:

- ang panimula ng palatuntunan;
- ang atake ng palatuntunan (halimbawa, ang paninindigan sa isang pananaw);
- kung ang mga tagapakinig ay maaasahan ba na magkaroon ng kamalayan sa mga pananaw na inilalahad sa ibang pag-uulat;
- ang uri ng palatuntunan (halimbawa, ang tugunang palatuntunan na maaaring mas kaunti ang inaasahang paglalahad sa hanay ng mga pananaw).

PAMANTAYAN 5 – Kawastuhan

Dapat makatuwirang sikapin ng mga tagapagbalitan na tiyakin ang mga palatuntunang may kinalaman sa balita, napapanahong kaganapan at yaong may batayan sa katotohanan ay:

- **wasto, kaugnay ng lahat ng mahahalagang paksa ng katotohanan; at/o**
- **hindi nakaliligaw.**

Patnubay

5a Ang pamantayang pangkawastuhan ay hindi sumasakop sa mga pahayag na malinaw na makikilala bilang pagsusuri, pagpupuna o pananaw.

5b Ang tugunang radyo ay hindi karaniwang nasasakop ng pamantayang pangkawastuhan, maliban na lamang kung nagbitiw ang tagapagbalita ng isang pahayag na may batayan sa katotohanan nang walang pasubali.

5c Sa anumang pagkakataon na isang mahalagang pagkakamaling may batayan sa katotohanan ang nagawa, dapat iwasto ito ng tagapagbalita sa pinakamaaga at angkop na pagkakataon.

PAMANTAYAN 6 – Pagiging Patas

Dapat patas ang pakikitungo ng mga tagapagbalita sa sinumang tao o pangkat na nakikilahok o tinutukoy sa palatuntunan.

Patnubay

6a Ang pagwawari sa kung ano ang patas ay nakasalalay sa uri o kategorya ng palatuntunan (halimbawa, tugunang radyo, mga palatuntunang may batayan sa katotohanan, drama, pagpapatawa at satiriko).

6b Dapat mag-ingat ang mga tagapagbalita sa pamamatnugot ng mga datos sa palatuntunan upang matiyak na ang mga ginamit na sipi ay hindi pambabaluktot ng pinagmulang pangyayari o ng kabuuang pananaw na ipinahayag.

6c Dapat mapakitunguhan nang patas ang mga taga-ambag at kalahok sa anumang palatuntunan, at ipabatid sa kanila ang diwa ng kanilang pakikilahok, maliban na lamang sa iaatas ng kapakanang pampubliko.

6d Dapat igalang ng mga tagapagbalita ang karapatan ng bawat tao na magpahayag ng sariling pananaw.

6e Hindi dapat abusuhin, ipahiya o tukuyin nang hindi naman kinakailangan ang mga inabanggit.

6f Hindi dapat mag-rekord o magsahimpapawid ng anumang pag-uusap sa telepono maliban kung ipinabatid sa tumatanggap ng tawag na ang pag-uusap ay irerekord para sa posibleng pagsasahimpapawid nito, o kung alam niya (o makatuwirang maipapalagay na alam niya) na ang pag-uusap ay kasalukuyang isinasahimpapawid. Maaaring magkaroon ng kataliwasan rito depende sa kahulugan ng pagsasahimpapawid, kabilang na rito ang lehitimong paggamit ng pagpapatawa.

PAMANTAYAN 7 – Pagtatangi at Paninira ng Puri

Hindi dapat itaguyod ng mga tagapagbalita ang pagtatangi o paninira ng puri sa alinmang pangkat ng pamayanan sanhi ng kasarian, sekswalidad, lahi, gulang, kapansanan, katayuan sa hanapbuhay, o bunga ng lehitimong pagpapahayag ng pananampalataya, kultura o paniniwalang pulitikal.

Patnubay

7a layon ng pamantayang ito na pigilan ang pagsasahimpapawid ng materyal na:

(i) tunay o totoo;

(ii) isang tapat na pagpapahayag ng pagpuna, pagsusuri o pananaw; o

(iii) lehitimong pagpapatawa, drama o satiriko.

PAMANTAYAN 8 – Maykapanagutang Pamamahayag

Dapat tiyakin ng mga tagapagbalita na ang impormasyon at nilalaman ng palatuntunan ay maykapanagutang panlipunan.

Patnubay

8a Kailangang isaisip ng mga tagapagbalita ang epekto na maaaring idulot ng anumang nilalaman ng palatuntunan sa mga bata sa karaniwang oras ng kanilang pakikinig.

8b Ang oras ng pagsasahimpapawid at ang uri ng tagapakinig ay mahahalagang pagsasaalang-alang sa pagtatakda ng oras ng mga palatuntunang may mararahas na tema.

8c Kung maaaring makabagabag ang isang palatuntunan, dapat magsahimpapawid ng angkop na babala.

8d Dapat ay malinaw na maibukod ang mga patalastas at infomercial sa iba pang materyal ng palatuntunan.

8e Hindi dapat itanghal ang mga palatuntunan sa paraang maaaring pagmulan ng pagkataranta, o hindi kinakailangang pangamba o tensiyon.

8f Dapat tiyakin ng mga tagapagbalita na walang sabwatan sa pagitan ng mga tagapagbalita at kalahok ng mga paligsahan na maaaring magdulot ng pagkiling sa sinumang kalahok.

PAMANTAYAN 9 – Alak

Dapat umayon ang mga tagapagbalita sa mga paghihigpit sa pagtataguyod ng alak na angkop sa uri ng palatuntunan na isinasahimpapawid. Ang Pagtaguyod ng Alak ay nararapat na maykapanagutang panlipunan at hindi nanghihikayat ng pag-inom nito ng mga taong wala pa sa hustong gulang upang bumili ng alak.

Paliwanag

Ang Pagtaguyod ng Alak ay sumasaklaw sa:

- pagtaguyod ng anumang produkto, tatak o tindahan ng alak ('pagtaguyod')
- pag-isponsor ng alak sa isang palatuntunan ('pag-isponsor')
- pagtangkilik sa pag-inom ng alak ('pagtangkilik')

Patnubay

9a Ang Pagtaguyod ng Alak ay hindi dapat lumitaw sa mga palatuntunang sadyang inilaan para sa mga bata.

9b Dapat tiyakin ng mga tagapagbalita na hindi mangingibabaw ang Pagtaguyod ng Alak sa mga palatuntunan.

9c Hindi inaatasan ang mga tagapagbalita na tanggalin ang pagtaguyod sa pagsasahimpapawid ng isang tunay na pangyayari o kalagayan kung saan ang pagtaguyod ay isang karaniwang katangian ng nasabing pangyayari o kalagayan, ngunit dapat nilang isaalang-alang ang Patnubay 9b.

9d Sa pag-isponsor ng isang palatuntunan, limitado lamang sa tatak, pangalan o logo, at hindi ito dapat magsama ng anumang mensahe ng pagbebenta mula sa isponsor.

9e Sa isang palatuntunang ini-isponsor ng alak, dapat malinaw na itinataguyod ang palatuntunan una sa lahat. Ang isponsor at ang pag-isponsor ay maaari lamang isama bilang pumapangalawang tampok, at limitado lamang sa tatak, pangalan o logo, at hindi dapat magsama ng anumang mensahe ng pagbebenta mula sa isponsor.

9f Sa pagtatakda ng oras ng mga palatuntunang ini-isponsor ng alak, isasaalang-alang ng mga tagapagbalita ang mga atas ng alituntunin 4.4 at Patnubay 4(c) ng Kodigo para sa Pag-aanunsiyo ng Alak na binuo ng Awtoridad ng Pamantayang Paanunsiyo (na nag-aatas sa mga tagapagbalitang mag-ingat upang maiwasan ang palagay na ang pagtataguyod ng alak ay nangingibabaw sa panahon ng pakikinig).

9g Sa paghahanda at pagtatanghal ng palatuntunan, dapat iwasan ng mga tagapagbalita na itaguyod ang labis na pag-inom ng alak.

DAGDAG

Mapagpayong Pananaw: Mga Alituntunin ng Pananarili

1. Hindi naaayon sa pananarili ng isang indibidwal ang pagsisiwalat sa madla ng mga pribadong katotohanan, kung ang pagsisiwalat na ito ay lubusang nakasasakit sa isang patas at makatuwirang tao.
2. Hindi naaayon sa pananarili ng isang indibidwal ang pagsisiwalat sa madla ng ilang uri ng mga pampublikong katotohanan. Ang mga pampublikong katotohanang ipinagpapalagay rito ay yaong mga pangyayari, tulad na lamang ng kriminal na gawain, na naging pampribadong kaalaman na muli dala halimbawa ng paglipas ng panahon. Gayunpaman, ang pagsisiwalat na ito ng mga pampublikong katotohanan ay yaong lubos nang nakasasakit sa isang patas at makatuwirang tao.
3. (a) Hindi naaayon sa pananarili ng isang indibidwal ang pagsisiwalat sa madla ng materyal na nakamit sa pamamagitan ng sadyang pakikialam, sa paraang nanghihimasok, sa kapakanan ng indibidwal sa pananarili. Ang pakikialam na ito ay yaong lubos na nakasasakit sa isang patas at makatuwirang tao.

   (b) Sa kabuuan, ang kapakanan ng isang indibidwal sa pananarili ay hindi nagbabawal sa pagrekord, pagsapelikula, o pagkuha ng litrato ng nasabing indibidwal sa isang pampublikong lugar ('ang hindi pagsasaklaw sa pampublikong lugar')

   (c) Ang hindi pagsasaklaw sa pampublikong lugar ay hindi magagamit na depensa kapag ang isang indibidwal, na diumano ay nalabag ang pananarili, ay tanging likas na masusugatan, at saka kapag ang pagsisiwalat na ginawa ay lubos na nakasasakit sa isang patas at makatuwirang tao.
4. Kabilang sa pangangalaga ng pananarili ang pagtatanggol laban sa walang kapahintulutang pagsisiwalat ng tagapagbalita ng pangalan, tirahan at/o bilang ng telepono ng isang indibidwal na madaling makilala, kung saan ang pagsisiwalat na ginawa ay lubos na nakasasakit sa isang patas at makatuwirang tao.
5. Sa isang hinaing ukol sa pananarili, isang maituturing na depensa ay ang may kaalamang pagpapahintulot ng indibidwal sa nasabing pagsisiwalat, na ang pananarili diumano ay nalabag ng idinadaing na pagsisiwalat. Ang isang tagapag-alaga ng bata ay maaaring magbigay ng pahintulot sa ngalan ng bata.
6. Isang pangunahing pagsasaalang-alang ng mga tagapagbalita ang likas na kahinaan ng mga bata, kahit pa man mayroong karampatang pahintulot nito. Sa pagkakataong nalabag ng tagapagbalita ang pananarili ng isang bata, titiyakin ng mga tagapagbalita sa kanilang mga sarili na ang pagsasahimpapawid ay ginawa para sa lubos na ikabubuti ng kapakanan ng bata, nakakuha man o hindi ng karampatang pahintulot.
7. Para sa layon ng mga Alituntuning ito lamang, ang isang 'bata' ay pinapakahulugang sinumang taong may gulang na bababa sa 16 na taon. Ang sinumang indibidwal na may gulang na 16 na taon pataas ay makapagbibigay na ng pahintulot sa mga pagsasahimpapawid na kung sa ibang pagkakataon ay makalalabag sa kanilang pananarili.
8. Ang pagsisiwalat ng materyal para sa kapakanan ng publiko, na nangangahulugang yaong may lehitimong pagsasaalang-alang ng kapakanan ng publiko, ay isang depensa laban sa hinaing ukol sa pananarili.

Paalala:

- *Ang mga alituntuning ito ay hindi lamang ang mga tanging alituntuning maaaring gamitin ng Awtoridad*
- *Ang mga alituntuning ito ay maaari pang mangailangan ng karagdagang pagpapaliwanag at pagpapabuti tuwing ginagamit sa pagpapasiya ng isang hinaing*
- *Ang mga natatanging katotohanang taglay ng bawat hinaing ay lalong mahalaga sa usapin ng pananarili*